# QC subdivision, kampo bubuksan sa motorista

Bandera · 29 Jul 2019 · 3

PINABUBUKSAN ni Quezon City Councilor Winnie Castelo ang mga subdibisyon at kampo ng sundalo at pulis sa lungsod para madaanan ng mga motorista at mabawasan ang mabigat na daloy ng trapiko sa mga pangunahing lansangan.

Sinabi ni Castelo na maaaring magamit na access road at alternative route ang mga kalsadang ito.

"Hinihikayat po natin ang mga private subdivisions diyan sa kahabaan ng Edsa kagaya ng Corinthian Gardens, White Plains at Green Meadows na to open up their gates for public use so that they can help ease down the heavy traffic along Edsa special during rush hour. This includes Camp Crame and Camp Aguinaldo," ani Castelo sa isang pahayag.

Ayon kay Castelo, mayroong mga paraan upang mapanatili ang privacy ng mga residente sa mga kalsada na padaraanan.

Maaari rin umanong magtalaga ang gobyerno ng dagdag na seguridad sa mga lugar na ito upang masiguro ang kaligtasan ng mga residente.

"The rich should open their properties to the suffering commuters. But I would state it clear that I don't intend to jeopardize the security of these private subdivisions, because there are ways to safe guard their security and institute measures that will also secure their privacy."

Suportado rin ni Castelo ang pahayag ni Pangulong Duterte na linisin ang mga pampublikong lansangan para makadaan ng maayos ang mga motorista at mga pedestrian. — Leifbilly Begas